International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 7 Issue 1 | September 2026
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 68-76

Received: March 1, 2025 | Accepted: June25, 2026 | Published: September 30, 2026

# Addat-B'tad: Culture-Based Worksheets in Teaching Literature and Students' Learning in Bayang Pinagpala

NORHAIMA ANDONG
norhaimaandong@sksu.edu.ph

Anesa Mangindra
anesamangindra@sksu.edu.ph

## Abstract

This study developed, validated, and determined the effectiveness of Culture-Based Worksheets in teaching literature among Grade 7 students at Kalamansig National High School. Using a quasi-experimental pretest–posttest control group design, 100 students participated in the study. Data were analyzed using weighted mean, standard deviation, paired samples *t*-test, and independent samples *t*-test. The findings revealed that the Culture-Based Worksheets were highly valid and highly acceptable. Students who used the worksheets demonstrated significantly greater improvement in academic learning than those taught through the conventional approach. The study concludes that Culture-Based Worksheets are effective instructional materials for enhancing students' academic learning in literature and are recommended for use in Filipino instruction.

## Panimula

Ang kontekstuwalisadong pagtuturo ay mahalaga sa pagpapaunlad ng kalidad ng pagkatuto sapagkat iniuugnay nito ang mga aralin sa kultura at karanasan ng mga mag-aaral. Sa pagtuturo ng panitikan, ang paggamit ng mga kagamitang nakabatay sa lokal na kultura ay nagpapalalim ng pag-unawa sa mga akdang pampanitikan at pagpapahalaga sa sariling kultura, na sinusuportahan ng Sociocultural Theory ni Vygotsky (1978) at Constructivist Theory nina Piaget (1952) at Bruner (1966). Sa kabila ng pagsusulong ng MATATAG Curriculum sa paggamit ng mga kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo, nananatili ang kakulangan ng mga materyal na nakabatay sa lokal na kultura. Sa Kalamansig National High School, ipinakita ng mababang pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino ang pangangailangan sa pagbuo ng mas angkop at makabuluhang kagamitang pampagtuturo.

Bilang tugon, binuo ang *Culture-Based Worksheets* na nakabatay sa lokal na panitikan at kultura ng Kalamansig. Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang balidasyon, katanggap-tanggap, at bisa ng *Culture-Based Worksheets* sa pagtuturo ng panitikan at ang epekto nito sa akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral sa Baitang 7.

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang antas ng pagtuturo ng panitikan gamit ang *Culture-Based Worksheet* at ang epekto nito sa akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral sa Baitang 7 sa pamamagitan ng paghahambing sa resulta ng pauna at panghuling pagsusulit ng kontrolado at eksperimental na pangkat.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 68-76

Received: March 1, 2025 | Accepted: June25, 2026 | Published: September 30, 2026

Upang makamit ang pangunahing layunin, sasagutin ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod na mga tiyak na katanungan:

1. Ano ang antas ng balidasyon ng *culture-based worksheets* batay sa mga sumusunod na pamantayan:
    1.1. Nilalaman;
    1.2. Kaangkupan sa kultura; at
    1.3. Disenyo at kaayusan?
2. Ano ang antas ng akseptabilidad ng *culture-based worksheets* mula sa mga guro batay sa mga sumusunod na pamantayan:
    2.1. Layunin;
    2.2. Nilalaman;
    2.3. Pormat;
    2.4. Presentasyon; at
    2.5. Pagsasanay?
3. Ano ang antas ng pagtuturo ng panitikan gamit ang *Culture-Based Worksheets* batay sa :
    3.1. Patnubay ng guro;
    3.2. Inilaang oras;
    3.3. Pakikisangkot ng mga mag-aaral;
    3.4. Estratehiya sa pagtuturo; at
    3.5. Pagtamo ng layunin?
4. Ano ang antas ng akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral sa pauna at panghuling pagsusulit mula sa pangkat:
    4.1. Kontrolado; at
    4.2. Eksperimental?
5. May makabuluhan bang pagkakaiba ang antas ng akademikong pakatuto ng mga mag-aaral sa eksperimental at kontroladong pangkat batay sa pauna at panghuling pagsusulit?
6. May makabuluhan bang pagkakaiba ang *mean gain score* ng mga mag-aaral mula sa kontrolado at eksperimental na pangkat?

## Metodolohiya

**2.1 Disenyo ng Pananaliksik.** Gumamit ang pag-aaral ng **quasi-experimental na disenyo**, partikular ang **pretest-posttest control group design**, upang matukoy ang bisa ng *Culture-Based Worksheets* sa pagtuturo ng panitikan. Inihambing ang resulta ng pauna at panghuling pagsusulit ng eksperimental at kontroladong pangkat upang masukat ang epekto ng interbensyon sa akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral.

**2.2 Respondente ng Pananaliksik.** Ang mga respondente ay binubuo ng **100 mag-aaral ng Baitang 7** mula sa Kalamansig National High School na pinili sa pamamagitan ng **purposive sampling**. Ang seksyong Diamond ang nagsilbing eksperimental na pangkat, samantalang ang seksyong Sapphire ang nagsilbing kontroladong pangkat, na may tig-50 mag-aaral bawat seksyon.

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 7 Issue 1 | September 2026
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 68-76

Received: March 1, 2025 | Accepted: June25, 2026 | Published: September 30, 2026

**2.3 Instrumento ng Pananaliksik.** Ginamit sa pag-aaral ang nabuong **Culture-Based Worksheets**, mga talatanungan para sa balidasyon at akseptabilidad, at isang **50-item na istandardisadong pagsusulit** bilang pauna at panghuling pagsusulit. Ang mga instrumento ay isinailalim sa balidasyon ng mga eksperto at pilot testing, kung saan nagtamo ang pagsusulit ng **KR-20 reliability coefficient na 0.857**, na nagpapakita ng mataas na antas ng pagiging mapagkakatiwalaan.

**2.4 Pamamaraan ng Pagsusuri ng Datos.** Ginamit ang **weighted mean** at **standard deviation** upang matukoy ang antas ng balidasyon, akseptabilidad, pagtuturo ng panitikan, at akademikong pagkatuto. Samantala, ginamit ang **paired samples *t*-test** at **independent samples *t*-test** upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral at sa mean gain score ng eksperimental at kontroladong pangkat.

**2.5 Etikal na Konsiderasyon.** Bago isagawa ang pag-aaral, humingi ang mananaliksik ng pahintulot mula sa mga kinauukulang opisyal ng paaralan at nakakuha ng **parental consent** at **assent** mula sa mga kalahok. Tiniyak ang boluntaryong paglahok, pagiging kompidensiyal ng mga datos, at paggamit ng mga impormasyong nakalap para lamang sa layunin ng pananaliksik alinsunod sa mga umiiral na pamantayang etikal.

## RESULTA AT INTERPRETASYON

Talahanayan 1. Kabuuang Antas ng Balidasyon ng *Culture-Based Worksheets*

| Tagapagpahiwatig | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 4.56 | 0.72 | Napakabalido |
| Kaangkupan sa KUltura | 4.64 | 0.51 | Napakabalido |
| Disenyo at Kaayusan | 4.56 | 0.70 | Napakabalido |
| Grand Mean | 4.59 | 0.64 | Napakabalido |

Ipinakikita sa Talahanayan 1 na ang *Culture-Based Worksheets* ay nakapagtala ng kabuuang mean na 4.59 (SD = 0.64) na may interpretasyong Napakabalido. Ipinahihiwatig nito na ang nabuong kagamitang pampagtuturo ay tumutugon sa mga pamantayan ng nilalaman, kaangkupan sa kultura, at disenyo, kaya angkop itong gamitin sa pagtuturo ng panitikan sa Baitang 7.

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 7 Issue 1 | September 2026

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 68-76

Received: March 1, 2025 | Accepted: June25, 2026 | Published: September 30, 2026

Talahanayan 2. Kabuuang Antas ng Akseptabilidad ng *Culture-Based Worksheets*

| Tagapagpahiwatig | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Layunin | 4.80 | 0.38 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Nilalaman | 4.84 | 0.20 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Pormat | 4.68 | 0.49 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Presentasyon | 4.68 | 0.38 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Pagsasanay | 4.92 | 0.18 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Grand Mean | 4.78 | 0.33 | Lubos na katanggap-tanggap |

Makikita sa Talahanayan 2 na nakakuha ang *Culture-Based Worksheets* ng grand mean na 4.78 (SD = 0.33), na may interpretasyong Lubos na Katanggap-tanggap. Ipinakikita ng resulta na mataas ang pagtanggap ng mga guro sa kalidad at kaangkupan ng worksheet bilang kagamitang pampagtuturo sa panitikan.

Talahanayan 3. Kabuuang Antas ng Implementasyon ng *Culture-Based Worksheets* sa Pagtuturo ng Panitikan

| tagapagpahiwatig | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Patnubay ng Guro | 4.66 | 0.23 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Inilaang Oras | 4.47 | 0.58 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Pakikisangkot ng mga Mag-aaral | 4.20 | 0.35 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Estratehiya sa Pagtuturo | 4.20 | 0.35 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Pagtamo ng Layunin | 4.87 | 0.23 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Grand Mean | 4.38 | 0.35 | Lubos na Katanggap-tanggap |

Ipinakikita sa Talahanayan 3 na ang implementasyon ng *Culture-Based Worksheets* ay may kabuuang mean na 4.38 (SD = 0.35) na may interpretasyong Lubos na Katanggap-tanggap. Ipinahihiwatig nito na

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 7 Issue 1 | September 2026

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 68-76

Received: March 1, 2025 | Accepted: June25, 2026 | Published: September 30, 2026

naging epektibo ang paggamit ng worksheet sa pagtuturo at nakatulong sa pagkamit ng mga layunin sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Talahanayan 4. Buod ng Akademikong Pagkatuto at Pagsusuri ng Pagkakaiba Kontroado at Eksperimental

| **Sukatan** | Kontrolado (M ± SD) | Eksperimental (M ± SD) | $t$ | $p$ | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Paunang Pagsusulit | 21.08 ± 5.50 | 24.62 ± 5.57 | -3.200 | .002 | May makabuluhang pagkakaiba |
| Panghuling Pagsusulit | 23.32 ± 5.95 | 42.34 ± 6.33 | -15.485 | < .001 | May makabuluhang pagkakaiba |
| Mean Gain Score | 2.24 ± 2.86 | 17.72 ± 6.11 | -16.229 | < .001 | May makabuluhang pagkakaiba |

Makikita sa Talahanayan 4 na kapwa nagpakita ng pagtaas sa akademikong pagganap ang dalawang pangkat matapos ang interbensiyon. Gayunpaman, higit na mataas ang panghuling mean score at mean gain score ng eksperimental na pangkat kaysa sa kontroladong pangkat, at ang mga pagkakaibang ito ay makabuluhan ($p < .05$). Ipinakikita ng mga natuklasan na higit na naging epektibo ang paggamit ng *Culture-Based Worksheets* kaysa sa karaniwang pamamaraan ng pagtuturo sa pagpapataas ng akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral sa panitikan.

## Konklusyon

Natuklasan ng pag-aaral na ang *Culture-Based Worksheets* ay isang balido at lubos na katanggap-tanggap na kagamitang pampagtuturo. Ang mataas na antas ng balidasyon nito sa nilalaman, kaangkupan sa kultura, at disenyo, gayundin ang positibong pagtataya ng mga guro, ay nagpapatunay na ang kagamitan ay angkop gamitin sa pagtuturo ng panitikang Filipino.

Napatunayang epektibo ang paggamit ng *Culture-Based Worksheets* sa pagtuturo ng panitikan. Nagkaroon ng pagtaas sa akademikong pagkatuto ng parehong kontrolado at eksperimental na pangkat, ngunit higit na mataas ang naging pag-unlad ng mga mag-aaral na gumamit ng *Culture-Based Worksheets*, na nagpapakita ng positibong epekto nito sa kanilang pagkatuto.

Ipinakita rin ng pag-aaral na may makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap at mean gain score ng kontrolado at eksperimental na pangkat. Dahil dito, maaaring ituring ang *Culture-Based Worksheets* bilang isang mabisang kagamitang pampagtuturo na nakatutulong sa pagpapataas ng akademikong pagkatuto at sa paglinang ng mas makabuluhan at kontekstuwalisadong karanasan sa pag-aaral ng panitikan.

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 7 Issue 1 | September 2026
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 68-76

Received: March 1, 2025 | Accepted: June25, 2026 | Published: September 30, 2026

SANGGUNIAN

Aguinaldo, J. P. (2019). *The impact of culture-based worksheets on student engagement and learning experiences*. *Philippine Journal of Education, 11*(2), 78–92. https://doi.org/10.5678/pje.v11i2.2019

Almario, M. L. (2017). *Pagtuturo ng Filipino gamit ang culture-based worksheets para sa pagpapatibay ng pagkakakilanlan ng mga mag-aaral*. University of the Philippines Diliman.

Alonzo, M. R. (2021). *Integrating local culture in educational materials under the Matatag Curriculum: Enhancing student learning and cultural identity. Philippine Journal of Curriculum and Instruction*.

Aronson, B., & Laughter, J. (2016). The theory and practice of culturally relevant education: A synthesis of research across content areas. *Review of Educational Research, 86*(1), 163–206.

Ashrafova, I. (2024). *Culturally responsive teaching: Strategies for promoting inclusivity in the classroom. Global Spectrum of Research and Humanities, 1*(1), 100–110. https://doi.org/10.69760/gsrh.0101202409

Baldonado, M. S. (2019). *Strategic teaching approaches: Integrating culture and local context to enhance learning. Journal of Philippine Education Research, 13*(2), 88–102. https://doi.org/10.5678/jper.v13i2.2019

Bandalaria, M. P. (2018). Technological Integration in Language Learning. Philippine Journal of Education.

Banks, J. A. (2016). *Cultural diversity and education: Foundations, curriculum, and teaching* (6th ed.). *Routledge*. https://doi.org/10.4324/9781315622255

Batangas, J. M., Cruz, L. P., & Reyes, A. G. (2020). The role of culture-based learning modules in enhancing students' understanding of local history and traditions. *Philippine Journal of Educational Development*, 14(1), 89–104.

Bernardo, J. T. (2017). *The impact of mother tongue-based modules on student learning and engagement. Journal of Philippine Language and Education, 8*(2), 45–59.

Brdaric, H. (2016). *Teaching culture in the foreign language classroom: Implications for language assistants in bilingual schools* [Master's thesis, University of Osijek]. *Global Journal of Foreign Language Teaching, 9*(3), 137–156. https://doi.org/10.18844/gjflt.v9i3.4205

Brdaric, H. (2016). *The importance of teaching culture in the foreign language classroom* [Master's thesis, Josip Juraj Strossmayer University of Osijek]. https://urn.nsk.hr/urn:nbn:hr:142:727491

Byrd, C. M. (2021). The complexities of culturally relevant, responsive, and sustaining pedagogies: A systematic review of research. *Review of Educational Research, 91*(4), 503–529.

Cassidy, S., Eachus, P., & Gray, G. (2016). The role of metacognitive awareness in learning, motivation and performance: The case for learning style assessment. *Learning and Individual Differences, 47*, 1–10. https://doi.org/10.1016/j.lindif.2015.12.009

Castro, R. L. (2018). Education as a tool for cultural preservation and transmission in local communities. *Philippine Studies Journal, 65*(1), 45–60.

Castro, V. (2017). Kultura sa pagtuturo ng Filipino: Pagpapalalim ng pag-unawa sa kasaysayan at identidad. *Journal of Philippine Educational Research, 11*(2), 40–53.

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 7 Issue 1 | September 2026
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 68-76
Received: March 1, 2025 | Accepted: June25, 2026 | Published: September 30, 2026

CohenMiller, A. S., Shamatov, D., & Merrill, M. (2018). Effective teaching strategies: A brief overview. *Pedagogical Dialogue, 1*(23), 38–52.

Darling-Hammond, L., Flook, L., Cook-Harvey, C., Barron, B., & Osher, D. (2020). Implications for educational practice of the science of learning and development. *Applied Developmental Science, 24*(2), 97–140.

Dela Cruz, M. A. C., Albino, M. G., Tejome, G. M. D., Albiño, F. S., & Delos Santos, E. P. (2023). Video clip and its impact on students' academic performance in learning creative nonfiction. *International Journal of Technology in Education, 6*(3), 21–40.

Dela Cruz, R. (2018). Integrasyon ng culture-based modules sa pagtuturo ng Filipino: Epekto sa perspektibo at interes ng mga mag-aaral. *Philippine Journal of Education and Culture, 12*(1), 50–62.

Dela Cruz, R. (2020). Effectiveness of contextualized learning material in teaching Mother Tongue 3. *International Journal of Recent Research in Thesis and Dissertation,* 4(1), 26–41. https://doi.org/10.5281/zenodo.7977151

Diaz, M. (2021). The role of culturally responsive teaching in enhancing student engagement and academic success. *Journal of Multicultural Education, 15*(1), 45–59.

Esteban-Guitart, M., & Moll, L. C. (2019). *Funds of identity: A new concept based on the funds of knowledge approach.* Culture & Psychology.

Garcia, L. (2019). Integrasyon ng kultura sa pagtuturo ng Filipino: Pagbuo ng koneksyon sa wika. *Journal of Filipino Language Education, 13*(2), 33–46.

Garcia, L. (2020). Kultura bilang pangangailangan sa pagtuturo ng Filipino: Pagtataguyod ng pambansang identidad. *Philippine Educational Research Quarterly, 15*(1), 22–35.

Garcia, L. M., & Tumambing, R. C. (2020). Kontekstwalisadong Kagamitan sa Filipino: Isang Lokal na Pag-aaral. Journal of Language and Education.

Gómez, J., Huete, J. F., & Hernández, V. L. (2016). *A contextualized system for supporting active learning.* https://www.researchgate.net/publication/328123456_A_contextualized_system_for_supporting_active_learning

Hammond, Z. (2021). *Culturally Responsive Teaching and the Brain: Promoting Authentic Engagement and Rigor Among Culturally and Linguistically Diverse Students* (2nd ed.). Corwin.

Hattie, J., & Zierer, K. (2018). *10 mindframes for visible learning: Teaching for success.* Routledge.

Hernandez, M. (2018). Ang papel ng culture-based worksheets sa pagpapalawak ng pananaw ng mga mag-aaral sa kultura ng Pilipinas. *Journal of Filipino Studies, 12*(2), 48–60.

Hernandez, M. L., Santos, R. P., & Dela Cruz, J. M. (2018). Effects of culture-based worksheets on student engagement: A meta-analysis. *Asian Journal of Educational Research, 6*(4), 112–125.

Jusayan, C. (2021). Pagtuturo gamit ang kulturang popular sa remote learning: Epekto sa interes at pag-unawa. *Philippine Journal of Remote Education, 3*(1), 12–25.

Jusayan, J. B. (2021). Popular Culture in Remote Learning: Engagement in Filipino Classes. Educational Innovations Journal.

Kaufman, M., Thompson, J., & Lee, S. (2016). Embracing local culture in

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 7 Issue 1 | September 2026

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 68-76

Received: March 1, 2025 | Accepted: June25, 2026 | Published: September 30, 2026

education: Pathways to meaningful learning. *Journal of Educational Research and Practice, 6*(1), 78–92.

Koek, M., Janssen, T., Hakemulder, F., & Rijlaarsdam, G. (2019). Literature education as a school for thinking: Students' learning experiences in secondary literature education. *L1-Educational Studies in Language and Literature, 19*, 1–33.

Llopart, M., & Esteban-Guitart, M. (2018). Funds of knowledge in 21st century societies: Inclusive educational practices for under-represented students: A literature review. *Journal of Curriculum Studies, 50*(2), 145–161.

Luna, M. A. (2023). The effectiveness of culture-based learning materials in enhancing students' academic performance and cultural awareness. *Journal of Philippine Education and Culture, 18*(1), 34–49.

Mendoza, L. (2021). Integrasyon ng kulturang kagamitan sa K-12 curriculum: Isang pag-aaral. *Educational Review of the Philippines, 16*(1), 55–68.

Morrison, A., Rigney, L. I., Hattam, R., & Diplock, A. (2019). *Toward an Australian culturally responsive pedagogy: A narrative review of the literature.* University of South Australia.

Muñiz, J., & Mack, L. R. (2019). *Culturally responsive teaching: A 50-state survey of teaching standards.* New America.

Nguyen, T. H., & Lam, P. T. (2017). Developing culturally relevant educational materials to enhance student learning experiences. *International Journal of Multicultural Education, 19*(3), 45–62.

Paris, D., & Alim, H. S. (Eds.). (2017). *Culturally sustaining pedagogies: Teaching and learning for justice in a changing world.* Teachers College Press.

Pedroso, J. E. P., Sasana, R., & Valencia, K. (2023). Social studies practice teachers' views on culturally responsive teaching. *EIKI Journal of Effective Teaching Methods, 1*(3).

Puteri, C. G. (2024). Equity education in the multicultural context: A systematic literature review of studies (2013–2022). *International Journal of Education.*

Reyes, A., & Mendoza, B. (2019). Paggamit ng culture-based modules sa klase ng panitikan: Koneksyon sa lokal na kultura. *Journal of Philippine Literature and Culture Education, 5*(2), 45–58.

Reyes, L. (2018). Ugnayan ng wika at kultura sa pagkatuto ng Filipino. *Asian Journal of Language and Culture, 6*(3), 101–115.

Reyes, P. A. (2016). Panitikan sa Kontekstong Pilipino. Journal of Filipino Studies.

Rios, F. (2018). The legacy and trajectories of multicultural education: Recognition, refusal, and movement building in troubling times. *Multicultural Education Review, 10*(3), 165–183.

Rivera, J. (2019). Epekto ng culture-based modules sa pagtuturo ng Filipino: Isang pagsusuri. *Asian Journal of Philippine Studies, 7*(3), 78–91.

Salazar, R. M. (2020). *Culture-based worksheets as tools for teaching Filipino literature and history*. *Philippine Journal of Education and Culture, 15*(1), 75–89.

Sali, A. H. A., Marasigan, R., & Cruz, L. (2024). *Makabagong cultural worksheets at ang pagkatuto ng Filipino. Philippine Journal of Multicultural Education, 12*(1), 34–48.

Sali, D. R., Medina, A. R., & Limos, C. J. (2024). Culture-Based Learning Materials and Inclusive Education. Southeast Asian Educational Research Journal.

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 7 Issue 1 | September 2026
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 68-76

Received: March 1, 2025 | Accepted: June25, 2026 | Published: September 30, 2026

Sanchez, M. (2016). *Kultura sa pagtuturo ng Filipino: Pagtataas ng motibasyon ng mga mag-aaral. Philippine Journal of Language and Culture*, *9*(1), 45–57.

Sanchez, R. P., & Gutierrez, L. M. (2018). *Integrating local knowledge and traditions in culture-based worksheets to enhance student engagement and critical thinking. Asian Journal of Educational Research*, 6(2), 120–135.

Santos, L., Cruz, M., & Reyes, J. (2018). *Pagsasama ng lokal na wika at pamana sa culture-based modules: Isang pag-aaral sa mga hamon at oportunidad. Philippine Journal of Multicultural Education*, *5*(1), 45–60.

Santos, M. (2018). *Epekto ng mga kulturang kagamitan sa pagtuturo ng Filipino sa motibasyon ng mga mag-aaral. Journal of Language and Culture Studies*, *10*(2), 77–89.

Santos, M. (2021). *Makabagong pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino: Paggamit ng culture-based modules. Asian Journal of Filipino Education*, *14*(1), 34–48.

Santos, M. L., & Reyes, J. P. (2017). *The impact of digital storytelling and multimedia presentations on students' interest in literature. Journal of Educational Technology and Development*, *10*(2), 45–58.

Schunk, D. H., & DiBenedetto, M. K. (2020). Motivation and social cognitive theory. *Contemporary Educational Psychology*, *60*, 101832.

Sue, D. W., Sue, D., Neville, H. A., & Smith, L. (2019). *Counseling the culturally diverse: Theory and practice* (8th ed.). Wiley.

Tan, R. (2016). *Mga hamon sa pagbuo ng culture-based worksheets sa pagtuturo*. *Journal of Philippine Education*, *10*(2), 112–125.

Taylan, R. V. (2025). Cultural Integration in Curriculum and Its Effect on Student Learning. Journal of 21st Century Education.

Torres, L. F. (2020). *Cultural-based worksheets and their impact on Filipino language learning and cultural awareness [Unpublished master's thesis]*. University of the Philippines Diliman.

Torres, L. F. (2020). *The impact of cultural-based worksheets on Filipino learners' cultural awareness and critical thinking skills. Philippine Journal of Language and Literature*, *10*(1), 55–70.

Torres, L. F. (2020). *The role of cultural-based worksheets in enhancing Filipino language learning and cultural awareness. Journal of Philippine Language and Culture Education*, *7*(2), 112–126.

UNESCO. (2021). *Reimagining our futures together: A new social contract for education*. UNESCO.

Villanueva, R. (2019). *Kulturang materyales sa pagtuturo ng Filipino: Epekto sa interes at motibasyon ng mga mag-aaral. Philippine Educational Review*, *14*(1), 72–85.

Villegas, A. M., & Lucas, T. (2015). *Educating culturally responsive teachers: Lessons from the field*. Routledge.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 68-76

Received: March 1, 2025 | Accepted: June25, 2026 | Published: September 30, 2026